

Buod ng Patakaran sa Pinansyal na Tulong

Programa para sa Pinansyal na Tulong

Kinikilala ng Children's Health System of Texas (Children's Health) na nangangailangan ang mga bata sa komunidad ng mga medikal na kinakailangang serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan. Gayunpaman, maaaring walang insurance, hindi sapat na insurance, hindi kuwalipikado para sa mga programang pangkalusugan ng pamahalaan o hindi makabayad para sa mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan ang ilang bata sa komunidad. Upang matulungan ang mga bata na makatanggap ng pangangalaga, nagbibigay ang Children's Health ng pinansyal na suporta para sa mga serbisyong medikal na kinakailangan sa mga pasyente at pamilyang mayroon o walang insurance na nakakatugon sa mga kinakailangan sa pagiging kuwalipikado.

Sino ang Kuwalipikado?

- Mga pasyenteng wala pang 26 na taong gulang na nasa Estados Unidos nang walang permanenteng tirahan sa ibang bansa o ang guarantor (ibig sabihin, taong responsable para sa pagbabayad para sa mga serbisyo) para sa naturang pasyente at nakakatugon sa mga kinakailangan sa Kita ng Pamilya na itinakda sa Patakaran ng Pinansyal na Tulong.

Gaano kalaking suporta ang makukuha ko?

Nag-iiba ang mga rate ng diskwento ayon sa Kita ng Pamilya ng iyong pasyente. Mangyaring tingnan sa ibaba:

- Makakatanggap ang mga pasyenteng may kita ng pamilya sa pagitan ng 301 at 400% ng FPG ng 70% diskwento.
- Makakatanggap ang mga pasyenteng may kita ng pamilya sa pagitan ng 201 at 300% ng FPG ng 85% diskwento.
- Makakatanggap ang mga pasyenteng may kita ng pamilya na hanggang 200% ng FPG ng 100% diskwento.
- Isang Kuwalipikadong Aplikante na may Self-pay na Balanse sa nakalipas na 12 buwan na lampas sa 10% ng Kita ng Pamilya ng Kuwalipikadong Aplikante, na naubos na ang lahat ng pinagmumulan ng pagbabayad ng third-party, na lumampas ang Kita ng Pamilya sa 400% ng FPG, at hindi mababayaran ng Self-pay na Balanse ay kuwalipikado para sa isang pagpapawalang-bisa ng 85% ng Self-pay na Balanse kung mas malaki sa 400% ang Kita ng Pamilya ngunit mas mababa sa 500% ng FPG at 70% ng Self-pay na Balanse kung lumampas ang Kita ng Pamilya sa 500%.

Hindi sisingilin nang higit pa ang isang tao na kuwalipikado para sa pinansyal na suporta para sa emergency o iba pang medikal na kinakailangang pangangalaga.

Paano ako Mag-aaplay?

Maaari kang mag-aaplay para sa pinansyal na suporta sa pamamagitan ng pagsagot sa isang Aplikasyon para sa Pinansyal na Tulong nang personal o sa pamamagitan ng telepono. Ipadala ang iyong aplikasyon kasama ang mga sumusuportang dokumento na nakalista sa aplikasyon sa isa sa mga address sa ibaba. Maaari ka ring tulungan ng mga Pinansyal na Tagapayo sa aplikasyon. Matatagpuan mo ang aming mga Pinansyal na Tagapayo sa mga Admitting Department sa aming mga lokasyon sa Dallas at Plano (tingnan sa ibaba para sa address, oras ng trabaho, at numero ng telepono).

Karagdagang Impormasyon?

Nagbibigay ng detalyadong impormasyon ang Patakaran sa Pinansyal na Tulong ng Children's Health tungkol sa:

- Paano mag-aaplay para sa pinansyal na suporta.
- Sino ang kuwalipikadong makakuha ng pinansyal na suporta.
- Anong mga uri ng suporta ang available kung mayroon kang insurance na pangkalusugan.
- Anong mga uri ng suporta ang available kung wala kang insurance na pangkalusugan.

Mangyaring makipag-ugnayan sa amin para sa mga kopya ng aming Patakaran, aming Buod ng Patakaran sa Pinansyal na Tulong, at isang Aplikasyon para sa Pinansyal na Tulong.

o Children's Medical Center Dallas

1935 Medical District Drive
Dallas, TX 75235

- Oras ng trabaho at numero ng telepono para sa lokasyong ito: Lunes - Biyernes, 7:00am hanggang 5:00pm, 214-456-8640

o Children's Medical Center Plano

7601 Preston Road
Plano, TX 75024

- Oras ng trabaho at numero ng telepono para sa lokasyong ito: Lunes - Biyernes, 7:00am hanggang 5:00pm, 469-303-2191

- Online: <https://www.childrens.com/patient-families/billing-and-insurance/financial-assistance-and-support>